ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# GAMPANIN NG PAMPAARALANG PAMAMAHAYAG SA FILIPINO SA PAGPAPAYAMAN NG KASANAYANG PANGWIKA AT KAKAYAHANG LINGGUWISTIKO NG MGA MAG-AARAL

**Lilian Datoy Oway**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika at Kakayahang Lingguwistiko ng mga mag-aaral. Partikular nitong inalam ang antas ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag, antas ng pagpapayaman sa kasanayang pangwika, gayundin ang antas ng kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral. Malaman ang makabuluhang ugnayan ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino sa pagpapayaman sa kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral.*

*Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga piling mag-aaral na kasapi sa pampaaralang publikasyon mula sa mga paaralan sa distrito ng Pila at Santa Cruz na may kabuuang bilang na isang daan at dalawampung (120) mag-aaral. Ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation upang mailarawan ang antas ng mga baryabol. Samantala, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Purposive sampling ang ginamit na teknik ng mananaliksik.*

*Lumabas sa resulta ng pag-aaral ang gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino, gayundin ang antas ng pagpapayaman sa kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ay kapwa may kabuung punang na Lubhang Mabisa. Natuklasan din ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino at Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ng mga mag-aaral. Samantalang walang makabuluhang ugnayan naman sa pagitan ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino at Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral.*

*May makabuluhang ugnayan ang Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap. Samantala, walang makabuluhang ugnayan ang Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral kung kaya't ang haypotesis ay tinatanggap. Bilang konklusyon, ang pakikilahok sa pampaaralang pamamahayag ay nakapag-aambag sa pag-unlad ng kasanayang pangwika. Gayunpaman, hindi pa ito ganap na nakaaapekto sa kabuuang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral, kaya't kinakailangan ang mas organisado at mas malalim na pagpapatupad upang higit pang mapalakas ang bisa nito.*

*Matapos ang pag-aaral, iminumungkahi sa mga gurong tagapayo ng journalism ang madalas at organisadong pagpapatupad ng mga gawaing pampaaralang pamamahayag, gayundin ang patuloy na suporta ng paaralan sa pamamagitan ng trainings, palihan at programang magpapahusay sa akademikong pagsulat at komunikasyon ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA**: *gampanin, pampaaralang pamamahayag, Filipino, kasanayang pangwika, kakayahang lingguwistiko*

## 1. PANIMULA

Ang wika ay may mahalagang papel sa paghubog ng pagkakakilanlan at pag-unlad ng isang bansa. Bilang pambansang wika, ang Filipino ay nagsisilbing daluyan ng komunikasyon, kultura, at kaalaman na sumasalamin sa identidad ng mga Pilipino. Sa kasalukuyang panahon na kinapapalooban ng mabilis na digitalisasyon at globalisasyon, higit na kinakailangan ang pagpapaunlad ng kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral upang maging epektibo silang kalahok sa mga diskursong akademiko, panlipunan, at propesyonal. Ayon kina Bernardo et al. (2018), ang kahusayan sa paggamit ng wika ay nakaugnay sa paglinang ng mataas na antas ng pag-iisip, partikular sa kritikal at analitikal na pagproseso ng impormasyon. Samantala, binigyang-diin ni Macaraeg (2020) ang kahalagahan ng patuloy na paggamit at pagpapalawak ng Filipino sa edukasyon upang mapanatili ang intelektuwal at kultural na pagkakakilanlan ng bansa.

Sa ganitong pananaw, ang pampaaralang pamamahayag ay kinikilala bilang isang makabuluhang larangan na nag-uugnay sa teoretikal at praktikal na paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pampamamahayag tulad ng pagsulat ng balita, editoryal, at lathalain, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa organisasyon ng ideya, lohikal na pangangatwiran, at mabisang pagpapahayag. Higit pa rito, nagsisilbi itong kontekstuwal na espasyo kung saan naisasabuhay ang paggamit ng Filipino sa mas mataas na antas ng diskurso. Kaugnay nito, mahalagang masuri ang gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa pagpapayaman ng kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

Ang kakayahang lingguwistiko ay tumutukoy sa sistematikong kaalaman at wastong paggamit ng mga tuntunin ng wika, kabilang ang gramatika, bokabularyo, sintaks, at semantika. Sa pamamagitan ng mga gawaing pampamamahayag, nalilinang ang mga kasanayang ito sa proseso ng pangangalap ng impormasyon, pagsusuri ng datos, pagsasaayos ng ideya, at pagsunod sa pamantayang pangwika. Higit pa rito, napauunlad din ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw, lohikal, at kohirent na pahayag na angkop sa layunin at mambabasa. Dahil dito, nagiging mas epektibo ang kanilang paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon, lalo na sa akademiko at panlipunang diskurso.

Dahil dito, isinasagawa ang pag-aaral na pinamagatang Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika at Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral upang matukoy kung paano nakaaambag ang aktibong pakikilahok sa pampaaralang pamamahayag sa paglinang ng kasanayang pangwika, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay magbigay ng empirikal na batayan para sa pagbuo ng kurikulum at pedagogical na mga diskarte sa pagtuturo ng Filipino na gumagamit ng pampaaralang pamamahayag bilang isang integratibo at makabagong tool sa pag-aaral sa ikakagaling sa asignaturang Filipino.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang gampanin ng pamparaalang pamamahayag sa Filipino sa pagpapayaman ng kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino batay sa:
   - 1.1 Interaksyon sa mga gawaing pampamamahayag;
   - 1.2 Pagdalo sa seminars/training;
   - 1.3 Paglahok sa patnugatan;
   - 1.4 Peer tutoring; at
   - 1.5 Kolaborasyon sa Pagsulat?
2. Ano ang antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika bataysa:
   - 2.1 Pakikinig;
   - 2.2 Pagsasalita;
   - 2.3 Pagbasa; at
   - 2.4 Pagsulat?
3. Ano ang antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral batay sa:
   - 3.1 Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit;
   - 3.2 Kaalaman Wastong Gamit ng Gramatika;
   - 3.3 Bokabularyo;
   - 3.4 Estilo ng Pagsulat; at
   - 3.5 Konteksto ng Pagsulat?
4. May makabuluhang ugnayan ba ang Gampanin sa Pampaaralang
Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral?
5. May makabuluhang ugnayan ba ang Gampanin sa Pampaaralang
Pamamahayag sa Filipino sa Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga piling mag-aaral na kasapi sa pampaaralang publikasyon mula sa mga paaralan sa distrito ng Pila at Santa Cruz na may kabuuang bilang na isang daan at dalawampung (120) mag-aaral. Ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation upang mailarawan ang antas ng mga baryabol. Samantala, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Purposive sampling ang ginamit na teknik ng mananaliksik.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng mga resulta, presentasyon, analisis at interpretasyon ng datos. Ang lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng paglalahad ng suliranin ay sinagot sa kabanatang ito at sinusuportahan ng mga grapikong representasyon o talahanayan.

Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika at Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

**Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ang antas ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino batay sa interaksiyon ng mga gawaing pampahayagan, pagdalo sa seminar/trainings, paglahok sa patnugutan, peer tutoring at kolaborasyon sa pagsulat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag na sinukat, kasama ang mean at standard deviation na nagpapakita ng antas at pagkakaiba-iba ng mga sagot ng mga tagatugon.

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Interaksiyon sa mga Gawaing Pampamamahayag. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

**Talahanayan 1**

*Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Interaksiyon sa mga Gawaing Pampamamahayag*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang mga tungkulin ng bawat kasapi ng patnugutan sa pahayagang pampaaralan.* | 4.87 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikibahagi sa mga talakayan at brainstorming ng mga isusulat na artikulo.* | 4.63 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang paggamit ng mga natutunang teknik sa pagsulat ng balita, lathalain, o editoryal.* | 4.61 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang mga nilalaman ng pahayagan upang mapahusay ang kabuuan ng artikulo.* | 4.51 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng mga makabuluhang artikulong tumutugon sa mga isyung pang-mag-aaral.* | 4.57 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.64 | | |
| *SD* | 0.62 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*Nauunawaan ang mga tungkulin ng bawat kasapi ng patnugutan sa pahayagang pampaaralan* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.87) na may (SD = 0.37) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malinaw ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tungkulin sa loob ng organisasyong pamamahayag. Gayundin ang pahayag *Nakikibahagi sa mga talakayan at brainstorming ng mga isusulat na artikulo* na may punang *Lubos na Sumasang-ayon.* Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=5.51) na may (SD=0.67) ipinapakita pa rin nito na *Nasusuri ang mga nilalaman ng pahayagan upang mapahusay ang kabuuan ng artikulo.*

Ang Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Interaksiyon sa mga Gawaing Pampamamahayag ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.64 at standard deviation na 0.62 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pampaaralang pamamahayag ay may malaking gampanin sa pagpapaunlad ng interaksiyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampamamahayag. Napalalakas nito ang kanilang pag-unawa sa mga tungkulin, pakikilahok sa mga gawain, at kakayahan sa pagsulat at pagsusuri ng mga artikulo. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na epektibo ang mga gawaing pampamamahayag bilang kasangkapan sa paglinang ng kanilang kasanayang lingguwistiko at kritikal na pag-iisip.

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa pagdalo sa Seminars/ Trainings. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 2**

*Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Pagdalo sa Seminars/Trainings*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang layunin ng mga palihan sa pamamahayag sa Filipino.* | 4.68 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahambing ang mga teknik na itinuro ng mga tagapagsalita sa mga palihan.* | 4.68 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapamalas sa pagsulat ang mga natutunan sa palihan.* | 4.60 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natatasa ang sariling kakayahan sa pagsulat matapos dumalo sa palihan.* | 4.72 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng sariling proyekto o artikulo gamit ang mga natutunan mula sa palihan.* | 4.69 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.54 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

*Natatasa ang sariling kakayahan sa pagsulat matapos dumalo sa palihan* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.72) na may (SD=0.52) at may pun ana Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nagiging mas mapanuri ang mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan matapos silang dumalo sa mga seminar o pagsasanay. Gayundin ang pahayag n*atutukoy ang layunin ng mga palihan sa pamamahayag sa Filipino* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.60) na may (SD=0.59) ipinapakita pa rin nito na mas *naipapamalas sa pagsulat ang mga natutunan sa palihan.*

Ang Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Pagdalo sa Seminars/Trainings ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.54 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pagdalo sa mga seminar at pagsasanay sa pampaaralang pamamahayag ay lubhang nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsulat at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Napapalawak nito ang kanilang kaalaman sa mga teknik sa pagsulat at napauunlad ang kanilang kakayahang suriin ang sariling gawa. Ipinapahiwatig din ng mga positibong tugon na epektibo ang mga palihan bilang estratehiya sa pagpapalalim ng kanilang kasanayang lingguwistiko sa Filipino.

Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Paglahok sa Patnugutan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Paglahok sa Patnugutan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nababatid ang mga tungkulin at responsibilidad ng isang patnugot sa pahayagan.* | 4.71 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag kung paano pinipili at inaayos ang mga artikulong ilalathala.* | 4.54 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipatutupad ang mga pamantayan sa pag-eedit ng mga artikulo sa Filipino.* | 4.48 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang kalidad ng mga akda ng kapwa mamamahayag-estudyante.* | 4.52 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagdidisenyo ng epektibong layout o nilalaman para sa pahayagang pampaaralan.* | 4.37 | 1.02 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.52 | | |
| *SD* | 0.72 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*Nababatid ang mga tungkulin at responsibilidad ng isang patnugot sa pahayagan* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.71) na may (SD= 0.59) at may pun ana Lubos na Sumasang-ayon mula sa mga tagatugon. Nangangahulugan lamang ito na malinaw sa mga mag-aaral ang papel at responsibilidad ng isang patnugot sa organisasyong pampamamahayag. Gayundin ang pahayag na *naipaliliwanag kung paano pinipili at inaayos ang mga artikulong ilalathala* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M=4.37*) na may (*SD=1.02*) ipinapakita pa rin nito na *nakapagdidisenyo ng epektibong layout o nilalaman para sa pahayagang pampaaralan.*

Ang antas ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino ayon sa paglahok sa patnugutan ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.52 at standard deviation na 0.72 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paglahok sa patnugutan ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsusulat, pag-eedit, at pagsusuri ng mga akda. Bagama't may kaunting pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa pagdidisenyo ng layout, nananatiling positibo ang kabuuang pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang partisipasyon sa patnugutan. Ipinapahiwatig nito na ang aktibong paglahok sa ganitong gawain ay epektibong paraan upang mapalalim ang kanilang kasanayang lingguwistiko at kritikal na pag-iisip.

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Peer Tutoring. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nauunawaan ang layunin ng pagtuturo sa kapwa mamamahayag* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.73) na may (SD= 0.50) at may pun ana Lubos na Sumasang-ayon mula sa mga tagatugon. Nangangahulugan lamang ito na malinaw sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagtuturo sa kapwa at naipapakita nila ito sa pamamagitan ng kolaboratibong paglikha ng mga output.

**Talahanayan 4**

*Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Peer Tutoring*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang layunin ng pagtuturo sa kapwa mamamahayag.* | 4.73 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang pag-unawa sa mga kaklase ang mga teknik sa pagsulat sa Filipino.* | 4.64 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang pagtuturo sa pagpapahusay ng sariling kakayahan.* | 4.56 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaanalisa ang progreso ng tinuturuan sa larangan ng pamamahayag.* | 4.52 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng produktibong artikulo o proyekto sa pamamagitan ng pagtutulungan.* | 4.73 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.64 | | |
| *SD* | 0.57 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin ang pahayag na *Nakalilikha ng produktibong artikulo o proyekto sa pamamagitan ng pagtutulungan* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.52) na may (SD=0.71) ipinapakita pa rin nito na mas *naaaanalisa ang progreso ng tinuturuan sa larangan ng pamamahayag*

Ang antas ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino ayon sa peer tutoring ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.64 at standard deviation na 0.57 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang *peer tutoring* ay isang epektibong estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pamamahayag. Napalalakas nito ang kolaborasyon, pag-unawa sa mga teknik sa pagsulat, at kakayahang magsuri ng gawa ng kapwa. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na ang pagtutulungan ay mahalagang salik sa paglinang ng kanilang kasanayang lingguwistiko at kritikal na pag-iisip.

Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Kolaborasyon sa Pagsulat. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Natutukoy ang kahalagahan ng pagtutulungan sa pagbuo ng artikulo* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.84) na may (SD= 0.43) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon.

Gayundin ang pahayag na *nagagamit ang mga mungkahi ng grupo upang mapabuti ang sulatin.* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.65) na may (SD=0.64) ipinapakita pa rin nito na mas *nasusuri ang mga kontribusyon ng bawat kasapi sa pagsulat ng artikulo.*

**Talahanayan 5**

*Antas ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino ayon sa Kolaborasyon sa Pagsulat*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang kahalagahan ng pagtutulungan sa pagbuo ng artikulo.* | 4.84 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang mga ideya ng mga kasamahan upang mapaunlad ang artikulo.* | 4.71 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga mungkahi ng grupo upang mapabuti ang sulatin.* | 4.82 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang mga kontribusyon ng bawat kasapi sa pagsulat ng artikulo.* | 4.65 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng mahusay at orihinal na akdang pampamamahayag bilang isang koponan.* | 4.70 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.74 | | |
| *SD* | 0.52 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang antas ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino ayon sa kolaborasyon sa pagsulat ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.74 at standard deviation na 0.52 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang kolaborasyon sa pagsulat ay isang mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pampaaralang pamamahayag. Napalalakas nito ang pagtutulungan, pagbabahaginan ng ideya, at kolektibong paglikha ng mga akdang may kalidad. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na ang kolaboratibong pagsulat ay epektibong paraan upang mapalalim ang kanilang kasanayang lingguwistiko at kritikal na pag-iisip.

**Antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika batay sa Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa at Pagsulat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, mean at standard deviation, mga puna at berbal na Interpretasyon upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pakikinig. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiintindihan ang mga ideya sa mga panayam o talakayan tungkol sa pamamahayag* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.65) na may (SD= 0.54) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon.

**Talahanayan 6**

*Antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pakikinig*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naiintindihan ang mga ideya sa mga panayam o talakayan tungkol sa pamamahayag.* | 4.65 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga napakinggang pahayag o panayam ng mga tagapagsalita.* | 4.63 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaaplay ang mga impormasyong napakinggan sa pagsulat ng artikulo.* | 4.62 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuuri ang tono, layunin, at estilo ng mga napakinggang talumpati.* | 4.54 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng artikulong batay sa mga impormasyong napakinggan.* | 4.61 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.61<br>0.60<br>Lubhang Mabisa | | |

Gayundin ang pahayag na *naiuugnay ang mga napakinggang pahayag o panayam ng mga tagapagsalita* na may punang Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapakita na mataas pa rin ang antas ng kasanayan sap ag-aanalisa ng napakinggang talumpati. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.54) na may (SD=0.67) ipinapakita pa nito na *naiuuri ang tono, layunin, at estilo ng mga napakinggang talumpati.*

Ang antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pakikinig ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.61 at standard deviation na 0.60 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pakikinig ay mahalagang kasanayan sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa pamamahayag. Napapalawak nito ang kanilang pag-unawa sa mga ideya at impormasyon, at nagagamit ito bilang batayan sa pagbuo ng mga artikulo. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na ang pakikinig ay epektibong paraan upang mapalalim ang kanilang kasanayang lingguwistiko at kritikal na pag-iisip.

Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagsasalita. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nauunawaan ang mga tuntunin sa mabisang pakikipagtalastasan sa Filipino* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.66) na may (SD= 0.59) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon.

Gayundin ang pahayag na *naiaangkop ang wastong tono, tindig, at kumpiyansa sa pakikipanayam o pagbabalita* na may punang Lubos na Sumasang-ayon.

**Talahanayan 7**

*Antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagsasalita*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang mga tuntunin sa mabisang pakikipagtalastasan sa Filipino.* | 4.66 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuulat at naipaliliwanag nang malinaw ang mga paksang nabasa sa mga pampaaralang publikasyon.* | 4.54 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang wastong tono, tindig, at kumpiyansa sa pakikipanayam o pagbabalita.* | 4.60 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang kasanayan sa pagsasalita batay sa feedback ng iba.* | 4.58 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng epektibong presentasyon o script sa Filipino.* | 4.48 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.57<br>0.64<br>Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.48) na may (SD=0.76) ipinapakita pa nito mas *nakagagawa ng epektibong presentasyon o script sa Filipino*.

Ang antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagsasalita ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.57 at standard deviation na 0.64 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pagsasalita ay isang mahalagang kasanayan sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Napalalakas nito ang kanilang kakayahang magpahayag ng ideya nang malinaw, may kumpiyansa, at angkop sa sitwasyon. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na ang pagsasalita ay epektibong paraan upang mapalalim ang kanilang kasanayang pangwika at kritikal na pag-iisip.

**Talahanayan 8**

*Antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagbasa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiisa-isa ang nilalaman ng mga artikulo sa pahayagan sa Filipino.* | 4.63 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang mga paksang nabasa sa mga pampaaralang publikasyon.* | 4.58 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita sa aktuwal na gawain ang mga nabasang ideya bilang sanggunian sa sariling akda.* | 4.58 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang istilo at estruktura ng mga artikulong nabasa.* | 4.48 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng sariling interpretasyon o pagsusuri sa nabasang artikulo.* | 4.73 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.60 | | |
| *SD* | 0.64 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagbasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nakalilikha ng sariling interpretasyon o pagsusuri sa nabasang artikulo* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.73) na may (SD= 0.52) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Gayundin ang pahayag na *naiisa-isa ang nilalaman ng mga artikulo sa pahayagan sa Filipino* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.48) na may (SD=0.74) ipinapakita pa nito mas *nakikilala ang istilo at estruktura ng mga artikulong nabasa.*

Ang antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagbasa ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.60 at standard deviation na 0.64 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pagbasa ay mahalagang kasanayan sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Napapalalim nito ang kanilang pag-unawa sa mga ideya, estruktura, at estilo ng mga tekstong kanilang binabasa, at nagagamit nila ito sa paglikha ng sariling akda. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na ang pagbasa ay epektibong paraan upang mapalawak ang kanilang kaalaman at mapahusay ang kanilang pag-iisip.

Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagsulat. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiwawasto ang nilalaman ng sulatin upang mapabuti ito* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.68) na may (SD= 0.58) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ang antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagsulat ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.59 at standard deviation na 0.62 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

**Talahanayan 9**

*Antas ng Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ayon sa Pagsulat*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nalalaman ang mga pangunahing hakbang sa pagsulat ng artikulo sa Filipino.* | 4.66 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag sa sariling salita ang layunin at target na mambabasa ng akda.* | 4.53 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiimplementa ang mga teknik sa pagsulat ng balita, editoryal, at lathalain.* | 4.53 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiwawasto ang nilalaman ng sulatin upang mapabuti ito.* | 4.68 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng malinaw, lohikal, at makabuluhang artikulo sa Filipino.* | 4.59 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.59 | | |
| *SD* | 0.62 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pagsulat ay isang mahalagang kasanayan sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Napauunlad nito ang kanilang kakayahang magpahayag ng ideya nang malinaw, lohikal, at organisado. Ipinahihiwatig lamang nito ang positibong tugon ng mga mag-aaral na ang pagsulat ay epektibong paraan upang mapalalim ang kanilang kasanayang pangwika.

**Antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral batay sa Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit, Kaalaman sa Wastong Gramatika, Bokabularyo, Estilo ng Pagsulat at Konteksto ng Pagsulat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, mean at standard deviation, mga puna at berbal na interpretasyon upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Nauunawaan kung bakit mahalaga ang pagpili ng tamang salita sa pagbibigay-kahulugan* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.76) na may (SD= 0.50) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Gayundin ang pahayag na *naaalala kung kailan angkop gamitin ang pormal o di-pormal na salita sa sulatin* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.61) na may (SD=0.61) ipinapakita pa nito mas *nailalapat ang mga salitang naaayon sa paksa at layunin ng isinusulat.*

**Talahanayan 10**

*Antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naaalala kung kailan angkop gamitin ang pormal o di-pormal na salita sa sulatin.* | 4.74 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan kung bakit mahalaga ang pagpili ng tamang salita sa pagbibigay-kahulugan.* | 4.76 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalapat ang mga salitang naaayon sa paksa at layunin ng isinusulat.* | 4.61 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung akma ang mga salitang ginamit sa kabuuan ng akda.* | 4.62 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng sulatin na gumagamit ng angkop, malinaw, at epektibong mga salita.* | 4.63 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.56 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.56 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang mga mag-aaral ay may mataas na kakayahan sa paggamit ng angkop na salita sa kanilang mga sulatin. Napalalakas nito ang kanilang kakayahang magpahayag nang malinaw, wasto, at angkop sa konteksto. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon ng mga mag-aaral na ang wastong pagpili ng salita ay mahalagang salik sa paglinang ng kanilang kasanayang lingguwistiko. Higit pa rito, nagiging mas epektibo ang kanilang komunikasyon sa iba't ibang sitwasyong akademiko. Sa ganitong paraan, mas napahuhusay nila ang kalidad ng kanilang mga isinulat at napapalalim ang kanilang pag-unawa sa wika.

**Talahanayan 11**

*Antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaalaman Wastong Gamit ng Gramatika*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nalalaman ang mga pangunahing tuntunin ng balarila sa wikang Filipino.* | 4.62 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng tamang at maling paggamit ng mga pangungusap.* | 4.64 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasagawa nang wasto ang mga tuntunin sa pagbuo ng pangungusap at talata.* | 4.68 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-puna ang mga pagkakamali sa gramatika sa sarili o sa gawa ng iba.* | 4.57 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng akdang nagpapakita ng kahusayan sa tamang gramatika at sintaks.* | 4.59 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.62 | | |
| *SD* | 0.59 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaalaman sa Wastong Gamit ng Gramatika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Naisasagawa nang wasto ang mga tuntunin sa pagbuo ng pangungusap at talata* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.68) na may (SD= 0.56) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Gayundin ang pahayag na *naipaliliwanag ang pagkakaiba ng tamang at maling paggamit ng mga pangungusap* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M=4.57) na may (SD=0.62) ipinapakita pa nito mas *nabibigyang-puna ang mga pagkakamali sa gramatika sa sarili o sa gawa ng iba*.

Ang antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaalaman sa Wastong Gamit ng Gramatika ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.62 at standard deviation na 0.59 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kaalaman at kasanayan sa wastong paggamit ng gramatika. Napalalakas nito ang kanilang kakayahang bumuo ng malinaw, maayos, at lohikal na mga pangungusap at talata. Ipinahihiwatig lamang nito ang positibong tugon ng mga mag-aaral na ang wastong gramatika ay mahalagang salik sa paglinang ng kanilang kasanayang lingguwistiko.

Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Bokabularyo. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 12**
*Antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Bokabularyo*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang madalas gamitin sa mga tekstong akademiko at pampanitikan.* | 4.68 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang kaisipan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang may angkop na kahulugan.* | 4.67 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapipili ng tamang antas ng wika ayon sa layunin at mambabasa ng sulatin.* | 4.60 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napatutunayan ang bisa ng paggamit ng malawak na bokabularyo sa pagpapahayag ng ideya.* | 4.62 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng akdang gumagamit ng mayaman at malikhaing bokabularyo.* | 4.47 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.61<br>0.61<br>Lubhang Mabisa | | |

*Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang madalas gamitin sa mga tekstong akademiko at pampanitikan* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.68) na may (SD= 0.57) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Gayundin ang pahayag na *naiuugnay ang kaisipan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang may angkop na kahulugan* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Samantala, bahagyang mas mababa ang (M=4.47) na may (SD=0.70) ipinapakita pa nito mas *nakalilikha ng akdang gumagamit ng mayaman at malikhaing bokabularyo*, nangangahulugan lamang ito na bagama't mataas ang antas ng kasanayan, may bahagyang pagkakaiba-iba sa kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing paggamit ng bokabularyo.

Ang antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Bokabularyo ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.61 at standard deviation na 0.61 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa paggamit ng bokabularyo. Napapalawak nito ang kanilang kakayahang magpahayag ng ideya nang malinaw, angkop, at epektibo. Gayunpaman, ipinapahiwatig din na maaari pang higit na paunlarin ang malikhaing paggamit ng mga salita upang mas mapayaman ang kanilang pagsulat.

**Talahanayan 13**
*Antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Estilo ng Pagsulat*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang iba't ibang estilo o paraan ng pagsulat sa wikang Filipino.* | 4.61 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahambing ang pagkakaiba ng bawat estilo ng pagsulat (hal. deskriptibo, naratibo, argumentatibo).* | 4.60 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang angkop na estilo ng pagsulat ayon sa layunin ng akda.* | 4.54 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiwawasto kung naaayon ang estilo ng pagsulat sa mambabasa.* | 4.55 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng sulating nagpapakita ng sariling estilo at boses bilang manunulat.* | 4.59 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.58<br>0.65<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 13 ay nagpapakita ng antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Estilo ng Pagsulat. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Nakikilala ang iba't ibang estilo o paraan ng pagsulat sa wikang Filipino* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.61) na may (SD= 0.64) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Na nangangahulugan na may malinaw na kaalaman ang mga mag-aaral sa iba't ibang anyo at estilo ng pagsulat. Gayundin ang pahayag na *naihahambing ang pagkakaiba ng bawat estilo ng pagsulat* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Samantala, bahagyang mas mababa ang (M=4.54) na may (SD=0.72) ipinapakita pa nito mas *nagagamit ang angkop na estilo ng pagsulat ayon sa layunin ng akda.* Ipinapahiwatig nito na may bahagyang pagkakaiba-iba sa kakayahan ng mga mag-aaral sa aktwal na pag-angkop ng estilo sa layunin ng kanilang sulatin.

Ang antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Estilo ng Pagsulat ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.58 at standard deviation na 0.65 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa paggamit ng iba't ibang estilo ng pagsulat. Pinauunlad nito ang kanilang kakayahang magpahayag ng ideya nang angkop sa layunin at mambabasa, gayundin ang paglinang ng kanilang sariling boses bilang manunulat. Gayunpaman, ipinapahiwatig din na maaari pang higit na pagtuunan ng pansin ang pag-angkop ng estilo sa layunin upang mas mapahusay ang kalidad ng kanilang mga sulatin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 14**

*Antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Konteksto ng Pagsulat*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nalalaman ang mga salik na nakaaapekto sa konteksto ng pagsulat (layunin, mambabasa, sitwasyon).* | 4.71 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinaw kung paano nakaaapekto ang konteksto sa paraan ng pagpapahayag.* | 4.65 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang mga elemento ng konteksto upang maging malinaw at epektibo ang mensahe.* | 4.59 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung tumutugon ang sulatin sa kontekstong panlipunan at kultural.* | 4.54 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng akdang sensitibo sa konteksto at angkop sa target na mambabasa.* | 4.50 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.59 | | |
| *SD* | 0.62 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 14 ay nagpapakita ng antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Konteksto ng Pagsulat. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nalalaman ang mga salik na nakaaapekto sa konteksto ng pagsulat* ay nakakuha ng pinakamataas na (M=4.71) na may (SD= 0.59) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Gayundin ang pahayag na *nalilinaw kung paano nakaaapekto ang konteksto sa paraan ng pagpapahayag* na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (M=4.54) na may (SD=0.72) ipinapakita pa nito mas *nakabubuo ng akdang sensitibo sa konteksto at angkop sa target na mambabasa.*

Ang antas ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Konteksto ng Pagsulat ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.59 at standard deviation na 0.62 na may berbal na interpretasyong *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Gampanin sa Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral.

Upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan Gampanin sa Pampaaralang Pamamahayag sa Filipinos sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral ayon sa Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 15**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Gampanin sa Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral*

| ***Pampaaralang Pamamahayag*** | | **Pakikinig** | **Pagsasalita** | **Pagbasa** | **Pagsulat** |
|---|---|---|---|---|---|
| Interaksiyon sa mga Gawaing Pampamamahayag | Pearson Correlation | .547 | .677* | .497 | .681 |
| | Sig. (2-tailed) | .256 | .039 | .222 | .172 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Pagdalo sa Seminars/ Trainings | Pearson Correlation | .582* | .602* | .460 | .630** |
| | Sig. (2-tailed) | .041 | .004 | .052 | .029 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Paglahok sa Patnugutan | Pearson Correlation | .502* | .577 | .411 | .561 |
| | Sig. (2-tailed) | .034 | .141 | .070 | .054 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Peer Tutoring | Pearson Correlation | .690 | .738** | .534 | .652 |
| | Sig. (2-tailed) | .205 | .023 | .205 | .176 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Kolaborasyon sa Pagsulat | Pearson Correlation | .649*** | .660* | .498** | .625** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 |

Talahanayan 15 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ng gampanin sa pampaaralang pamamahayag sa Filipino sa pagpapayaman ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral batay sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Inilalahad nito ang Pearson correlation, antas ng kahalagahan (Sig. 2-tailed), at bilang ng mga kalahok (N = 119).

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng ilang aspeto ng pampaaralang pamamahayag at kasanayang pangwika ($r(119)$, $p < .05$). Partikular, ang *pagdalo sa seminars/trainings* ay may makabuluhang kaugnayan sa pakikinig ($r = .582$, $p = .041$), pagsasalita ($r = .602$, $p = .004$), at pagsulat ($r = .630$, $p = .029$).

Gayundin, ang *kolaborasyon sa pagsulat* ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa lahat ng kasanayan—pakikinig (r = .649, p = .000), pagsasalita (r = .660, p = .000), pagbasa (r = .498, p = .000), at pagsulat (r = .625, p = .000)—na nagpapakita na ang pagtutulungan ay isang mahalagang salik sa pagpapayaman ng wika. Samantala, ang *interaksiyon sa mga gawaing pampamamahayag* ay nagpakita lamang ng makabuluhang kaugnayan sa pagsasalita (r = .677, p = .039), habang ang *paglahok sa patnugutan* ay may makabuluhang ugnayan sa pakikinig (r = .502, p = .034). Ang *peer tutoring* naman ay may makabuluhang kaugnayan lamang sa pagsasalita (r = .738, p = .023).

Ang ugnayan sa gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino at pagpapayaman sa kasanayang pangwika ay may ilang ugnayan na hindi nakitang makabuluhan (p > .05), tulad ng interaksiyon sa gawaing pampamamahayag sa pakikinig, pagbasa, at pagsulat; paglahok sa patnugutan sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat; at *peer tutoring* sa pakikinig, pagbasa, at pagsulat. Ipinapahiwatig nito na sa loob ng grupong ito, ang mga nabanggit na aspeto ay hindi sapat upang mahulaan ang pag-unlad sa ilang kasanayang pangwika.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na may makabuluhang positibong ugnayan ang ilang aspekto ng pampaaralang pamamahayag—lalo na ang pagdalo sa seminars/trainings at kolaborasyon sa pagsulat—sa pagpapayaman ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang aktibong partisipasyon, pagsasanay, at kolaborasyon ay nakatutulong sa pagpapalakas ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Gayunpaman, hindi lahat ng aspekto ay may pare-parehong epekto, kaya't kinakailangang paigtingin pa ang iba pang gawain upang higit na mapalawak ang kanilang kakayahang lingguwistiko.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan ng Gampanin ng Pampaaralang pamamahyag sa Filipino sa Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral.

Upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ayon sa Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit, Kaalaman Wastong Gamit ng Gramatika, Bokabularyo, Estilo ng Pagsulat, at Konteksto ng Pagsulat, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Talahanayan 16 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ng gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino sa kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral batay sa kaangkupan ng mga salitang ginamit, kaalaman sa wastong gamit ng gramatika, bokabularyo, estilo ng pagsulat, at konteksto ng pagsulat. Inilalahad nito ang Pearson correlation, antas ng kahalagahan (Sig. 2-tailed), at bilang ng mga kalahok (N = 119).

**Talahanayan 16**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral*

| ***Pampaaralang Pamamahayag*** | | **Kaangkupan ng mga Salitang Ginamit** | **Kaalaman Wastong Gamit ng Gramatika** | **Bokabularyo** | **Estilo ng Pagsulat** | **Konteksto ng Pagsulat** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Interaksiyon sa mga Gawaing Pampamamahayag | Pearson Correlation | .597 | .620 | .637 | .594 | .648 |
| | Sig. (2-tailed) | .164 | .345 | .242 | .086 | .144 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Pagdalo sa Seminars/ Trainings | Pearson Correlation | .439 | .543 | .538 | .534** | .622** |
| | Sig. (2-tailed) | .484 | .086 | .057 | .014 | .018 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Paglahok sa Patnugutan | Pearson Correlation | .464** | .502** | .537* | .450 | .549 |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .018 | .031 | .147 | .055 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Peer Tutoring | Pearson Correlation | .569 | .650 | .621 | .601 | .639 |
| | Sig. (2-tailed) | .159 | .333 | .240 | .078 | .139 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Kolaborasyon sa Pagsulat | Pearson Correlation | .518* | .650** | .551** | .546** | .665** |
| | Sig. (2-tailed) | .027 | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng ilang aspeto ng pampaaralang pamamahayag at kakayahang lingguwistiko (r(119), $p < .05$). Partikular, ang *kolaborasyon sa pagsulat* ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa lahat ng aspekto ng kakayahang lingguwistiko—kaangkupan ng salita (r = .518, p = .027), gramatika (r = .650, p = .000), bokabularyo (r = .551, p = .000), estilo ng pagsulat (r = .546, p = .000), at konteksto ng pagsulat (r = .665, p = .000). Gayundin, ang *paglahok sa patnugutan* ay nagpakita ng makabuluhang kaugnayan sa kaangkupan ng mga salitang ginamit (r = .464, p = .000), kaalaman sa gramatika (r = .502, p = .018), at bokabularyo (r = .537, p = .031). Ipinapakita nito na ang aktibong pakikilahok sa gawaing patnugutan ay nakatutulong sa pagpapahusay ng teknikal na aspeto ng wika. Samantala, ang *pagdalo sa seminars/trainings* ay may makabuluhang kaugnayan sa estilo ng pagsulat (r = .534, p = .014) at konteksto ng pagsulat (r = .622, p = .018), na nagpapahiwatig na ang mga pagsasanay ay epektibo sa pagpapalawak ng kakayahan sa mas mataas na antas ng pagsulat.

Ang ugnayan gampanin ng pampaaralang pamamahayag sa Filipino at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral ay walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng *interaksiyon sa mga gawaing pampamamahayag* at lahat ng aspekto ng kakayahang lingguwistiko ($p > .05$), gayundin sa *peer tutoring* sa lahat ng nabanggit na aspekto ($p > .05$). Ipinapahiwatig nito na bagama't may positibong relasyon, hindi ito sapat upang maipakita ang makabuluhang epekto sa kakayahang lingguwistiko sa loob ng grupong ito.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na may makabuluhang positibong ugnayan ang ilang aspekto ng pampaaralang pamamahayag—lalo na ang kolaborasyon sa pagsulat, paglahok sa patnugutan, at pagdalo sa seminars/trainings—sa kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang mga gawaing may kinalaman sa aktibong pagsasanay, kolaborasyon, at pamamahala ng nilalaman ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman sa wika, gramatika, bokabularyo, at estilo ng pagsulat. Gayunpaman, hindi lahat ng aspekto ay may pare-parehong epekto, kaya't mahalagang paigtingin pa ang iba pang gawain upang higit na mapaunlad ang kakayahang lingguwistiko.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon.

1. Nagpakita ng ugnayan sa pagitan ng Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino sa Pagpapayaman sa Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na ang patuloy na pakikilahok sa pampaaralang pamamahayag ay nakatutulong sa pag-unlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

2. Ang Gampanin ng Pampaaralang Pamamahayag sa Filipino at Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral ay hindi kinakitaan ng ugnayan kung kaya't ang haypotesis ay tinatanggap. Ipinahihiwatig lamang nito na bagama't may ambag ang pampaaralang pamamahayag sa ilang tiyak na kasanayang pangwika, hindi pa rin ito lubos na nakatutulong sa kabuuang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral at nangangailangan pa ng mas sistematiko at malalim na pagpapatupad upang higit na mapalakas ang epekto nito.

### Rekomendasyon

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Hinihikayat ang mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad sa pamamahayag sa paaralan at isagawa nang mas madalas at magkakaugnay sa iba't ibang antas ng pamayanan ng paaralan. Ang patuloy na pagsasama at pagpapalakas ng mga gawaing pampaaralang pamamahayag bilang isang estratehiya sa pagtuturo ay mahalaga para sa mga guro ng Filipino upang mapabuti ang kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

2. Iminumungkahi sa mga gurong tagapayo ng Journalism na hikayatin ang mga mag-aaral na lumahok nang higit pa sa patnugutan. Ang aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampaaralang pamamahayag ay mahalaga para sa pag-unlad ng kritikal na pag-iisip, pakikipagtalastasan, malikhaing pagsulat, bokabularyo, at gramatika ng mga mag-aaral.

3. Inirerekomenda sa pamunuan ng paaralan na magbigay ng patuloy na tulong sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa, palihan, seminar, at iba pang pagsasanay na may kaugnayan sa pampaaralang pamamahayag. Upang pahusayin ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat at komunikasyon.

4. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik na magsagawa ng mas malalim at mas malawak na pag-aaral na tutuon sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa kasanayang pangwika at kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral, kabilang ang paggamit ng makabagong teknolohiya at digital journalism bilang makabuluhang estratehiya sa pagpapayaman ng kanilang kasanayan sa wika.

## SANGGUNIAN

1. *Bernardo, A. L. et al. (2018). The role of language in cognitive development among Filipino students. Philippine Journal of Educational Studies, 25(1), 45-62.*
2. *Macaraeg, V. B. (2020). Pagpapalaganap ng wikang Filipino sa digital age: Isang pag-aaral. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 26(1), 1-15.*